# Kabanata-2

## Sa panahon ng emerhensiya at kalamidad, pag-iwas sa krimen, at kaligtasan ng trapiko



Kobaton, mascot ng Saitama


**1 Mga lugar na maaring tawagan sa panahon ng emerhensiya**
**2 Mga patakaran o alituntunin ng trapiko sa Japan**
**3 Mga aksidente sa daan**
**4 Mga hakbang sa pagpigil ng krimen**
**5 Pagbigay suporta sa mga biktima ng krimen**
**6 Natural na kalamidad**


### 1 Mga lugar na maaring tawagan sa panahon ng emerhensiya

**(1) Para sa sunog, pagkapinsala, biglaang pagkakasakit at iba pa - 119**

Sa pagtawag ng bombero at ambulansiya, i-dial ang 119 at ipaalam ang pagkakaroon ng sunog o emerhensiya. Kapag may sumagot sa linya, ipaalam agad ang lagay ng pangyayari, kung sunog, emerhensiya, aksidente at iba pa. Ibigay ang sariling pangalan at numero ng telepono, lokasyon ng pangyayari at pangalan ng gusaling nasa paligid na madaling makita.

Kapag gagamit ng ambulansiya, ang paghatid sa pagamutan ay libre, ang anumang gastos sa pagamutan ay kailangang bayaran ng magpapagamot. Ihanda ang sariling Health Insurance Card at cash na kinakailangan.

**Ang ambulansiya ay ginagamit sa panahon ng emerhensiya, sa kaso ng pakapinsala, biglaang pagkakasakit at iba pa, upang mabilis na maihatid ang pasyente sa pagamutan.** Maliban sa emerhensiya, iwasan ang paggamit nito, sa halip ay gumamit ng taxi at iba pang sasakyan. Kung hindi alam kung saang pagamutan o ospital na dapat pumunta, tumawag sa Saitama Emergency Phone Consultation (#7119 o 048-824-4199) kung saan isinasagawa ang 24 oras na pagbigay ng impormasyon ukol sa mga pagamutang maaring puntahan (maliban sa dentista, oral surgeries, psychiatrist).

Bukod pa rito, isinasagawa din sa himpilan ng bombero ang pagbigay ng impormasyon ukol sa “Fire Headquarters-Certified Ambulance” (may bayad) na maaring gamitin ng mga pribadong pasyente sa oras ng pagpasok, paglabas o papatingin sa ospital.

**Halimbawa ng pagtawag sa 119**

| | |
|---|---|
| Sa kaso ng sunog: | "May sunog! Nasusunog ang XX."<br>*"Kaji desu. XX ga moeteimasu."* |
| Sa kaso ng emerhensiya: | "Pakitawag po ng ambulansiya."<br>*"Kyukyu-sha o onegai-shimasu."*<br>"May nasugatan sa aksidente ng sasakyan." (pakibigay ang detalye, tulad ng "pagkaipit" at iba pang kondisyon)<br>*"Kotsu jiko de keganin ga imasu."*<br>"Pakitawag po ng ambulansiya."<br>*"Kyukyu-sha o onegai-shimasu."*<br>"May biglaang nagkasakit." (pakibigay ang detalye, tulad ng "kawalan ng malay-tao" at iba pang kondisyon)<br>*"Kyubyonin ga demashita."* |
| Pagkatapos, ibigay ang: | |
| Pook ng pangyayari: | "Ang address po ay nasa XX (bayan) XX (numero ng kalye)."<br>*"Basho wa, XX machi XX banchi desu."*<br>"Ang numero po ng telepono ay XXX-XXXX. Kalapit ng lugar na ito ay may XX."<br>*"Denwa bango wa, XXX-XXXX desu. Chikaku-ni XX ga arimasu."* |
| Sariling impormasyon: | "Ang pangalan ko po ay si XX."<br>*"Watashi no namae wa, XX desu."* |

**(2) Pulisya – 110**

Sa pagiging biktima ng isang krimen o sa oras na masangkot sa isang aksidente ng sasakyan, tumawag sa **110** upang ipaalam sa pulisya ang lagay ng emerhensiya. Kapag may sumagot sa linya, una sa lahat ay ipaalam kung anong uri ng pangyayari, kung isang "insidente" o di kaya'y "aksidente ng sasakyan". Sabihin kung may nasugatan, anong oras nangyari (ilang minuto ang nakalipas), saang lugar (pook ng pangyayari o di kaya'y bagay o gusaling nasa palibot na madaling makita), anong ginawa ng kabilang partido (ang may gawa ng krimen). Pagkatapos nito ay ibigay ang sariling pangalan, numero ng teleponong ginagamit at iba pa. Sa ganitong paraan isasagawa ng pulis ang mga katanungan, kaya <u>sagutin ang mga ito ng mahinahon.</u>

**Halimbawa ng pagtawag sa 110**

| | |
|---|---|
| Insidente o aksidente: | "Ninakawan ako (ng snatcher). Wala namang nasaktan."<br>*"Dorobo (hittakuri) higai ni aimashita. Keganin wa imasen."* |
| Anong oras nangyari: | "May tatlong minuto po ang nakakalipas."<br>*"Ima kara 3 pun kurai mae desu."* |
| Saan lugar nangyari: | "Sa XX (bayan) XX (numero ng kalye). Kalapit ng Post Office."<br>*"XX machi XX banchi desu. Chikaku ni XX yubinkyoku ga arimasu."* |
| Ano ang ginawa ng kriminal: | "Nakasakay po ang dalawang tao sa kulay XX na motorsiklo, at tumakas patungo sa XX train station."<br>*"XX iro no baiku ni notta futarigumi de, XX eki houko ni nigete ikimashita."* |
| Sariling impormasyon: | "Ang pangalan ko po ay si XX. Ang numero ng aking telepono ay XXX-XXXX."<br>*"Watashi no namae wa, XX desu. Denwa bango wa, XXX-XXXX desu."* |

**(3) Pagbigay-alam sa pamamagitan ng pampublikong telepono (libre para sa emerhensiya)**

① **Pagtawag sa teleponong kulay berde**

Para sa teleponong may "Emergency Button" na kulay pula:

Pagkatapos damputin ang hawakan o receiver ng telepono, pindutin ang Emergency Button na kulay pula. Pagkatapos ay i-dial ang 110 o 119.

Kapag walang makitang Emergency Button na kulay pula:

Pagkatapos damputin ang hawakan ng telepono, i-dial ang 110 o 119.

② **Pampublikong telepono na kulay abo:**
Pagkatapos damputin ang hawakan ng telepono, i-dial ang 110 o 119.

**(4) E-Mail / FAX 110**
**E-Mail 110** **http://saitama110.jp/**
**FAX 110** **0120-264-110**

---

## 2 Mga patakaran o alituntunin ng trapiko sa Japan

### (1) Pangunahing alituntunin ng trapiko

- Bilang patakaran, sa bandang kanan dapat maglakad ang mga pedestrians, at sa kaliwa naman ang mga sasakyan at bisikleta.
- Mas may prioridad ang mga pedestrians kesa mga sasakyan at bisikleta.
- Sundin ang mga signal lights at karatula sa daan (road signs).
- Sundin ang instruksyon ng pulis.

### (2) Pangunahing alintuntunin ng paglalakad sa daan (bilang isang pedestrian)

- Kung sa tabi ng daanan ng sasakyan ay may sidewalk, gamitin ang sidewalk
- Sa mga bangketa (sidewalk) o mga side-strip na kung saan walang sapat na puwang o space, maglakad sa gilid ng daan.
- Sa crossroads o intersections sundin ang signal ng trapiko.
- Sa pagtatawid ng daan, kapag may kalapit na pedestrian crossing ay gamitin ito sa pagtawid.
- Sa isang pedestrian crossing na walang traffic light, itaas ang iyong kamay upang ipahiwatig ang iyong balak na pagtawid.
- Maging maingat sa pagtatawid, tingnan ang kanan at kaliwang daanan bago tumawid.
- Sa paglalakad sa gabi, ugaliing magsuot ng bagay na makintab (reflector) o di kaya'y damit na maliwanag ang kulay.

### (3) Pangunahing alituntunin ng pagsakay ng bisikleta

- Dahil ang bisikleta ay ikinategorya bilang isang light vehicle ayon sa batas, ang mga sumasakay sa bisekleta ay dapat manatili sa kaliwang bahagi ng kalsada.
- Kung naka-bisekleta dapat dumaan sa kalsada hindi sa bangketa. Bilang eksepsiyon, kapag dumaan sa bangketa, mangyaring bigyang-priyoridad ang mga pedestrian at magdahan-dahan sa gilid ng kalsada.
- Kahit na posible na magpatakbo sa bangketa, mangyaring bigyang-priyoridad ang mga pedestrian at magpatakbo nang mabagal sa gilid ng kalsada.
- Siguraduhing sumunod sa mga senyales ng trapiko at huminto sa mga intersection. Suriin ang kaligtasan ng nakapaligid bago magpatakbo o bago tumawid.
- Gumamit ng ilaw sa pagbibisikleta sa gabi.
- Bawal ang pagbibisekleta kung lasing o nakainom ng alak.
- Gumamit ng helmet.
- Mangyaring kumuha ng insurance para sa pinsala sa bisikleta.

※ Sa Saitama Pref. ay inoobligahang ipasok sa insurance ang mga bisekleta.
https://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/jitensya/jitensyajyourei.html

**(4) Pangunahing alintuntunin para sa sasakyan**

- Kailangang may lisensya sa pagmamaneho para makapagmaneho ng sasakyan.
- Ipinagbabawal ang pagmamaneho ng lasing.
- Ang driver ay dapat naka-seatbelt at gayun din ang mga pasahero ay kailangang gumamit ng seatbelts.
- Siguraduhin ang paggamit ng child seat para sa batang may edad 6 na taon gulang o mas bata.
- Gumamit ng helmet sa pagsakay ng motor bike.
- Gumamit ng ilaw ng mas maaga ng konti sa bandang hapon o paglubog ng araw.
- Huwag gumamit o makipag-usap sa cell phone habang nagmamaneho.
- Kung dadaan malapit sa may mga naglalakad na tao, bagalan ng konti ang pagpapatakbo at bigyan ng daan ang mga naglalakad.

**(5) Panuntunan para sa Espesyal na maliit na Motorized na may 2-gulong na sasakyan**

- Tanging mga electric scooter na nakakatugon sa ilang mga kinakailangan ang kinikilala bilang mga espesyal na maliliit na de-motor na dalawang gulong na sasakyan. Kung hindi nito natutugunan ang mga kinakailangang ito, ito ay nauuri bilang isang pangkalahatang de-motor na dalawang gulong na sasakyan, at iba pa.
- Kinakailangan ang isang plaka ng lisensya.
- Ang mga rider ay dapat na hindi bababa sa 16 taong gulang.
- Mahigpit na ipinagbabawal ang pagmamaneho kung nakainom ng alak.

---

**3 Mga aksidente sa daan**

**(1) Kapag nagkaroon ng aksidente sa daan**

① Isagawa ang first-aid kapag may nasugatan, tumawag sa **119** upang ipaalam ang pangyayari at humiling ng ambulansiya. Isagawa ang first aid hanggang sa dumating ang ambulansiya.

② Pumunta sa ligtas na lugar at tumawag sa **110,** ipaalam sa pulisya ang pangyayari at sundin ang pag-uutos ng pulis.

③ Kumpirmahin ang pangalan, tirahan, numero ng telepono, numero ng lisensiya, plate number ng sasakyan, pangalan o uri ng seguro at iba pa, ng taong nasangkot sa aksidente (kabilang partido).

④ Kung may saksi sa pangyayari, kunin ang numero ng telepono ng taong ito.

⑤ Tumawag sa kompanya ng car insurance kung saan naka-insured.

⑥ Magpatingin kaagad sa duktor.

**(2) Konsultasyon kaugnay sa aksidente sa daan**

Sa Saitama Prefecture Traffic Accident Consultation Office, isinasagawa ang karaniwang konsultasyon sa wikang Hapon ukol sa mga aksidente sa daan, out-of-court settlement, paraan sa pagtanggap ng compensation mula sa seguro, pagkalkula sa kabayaran mula sa pagkapinsala at iba pa. Maaring kumunsulta mula Lunes hanggang Biyernes, 9:00 ～12:00, 13:00～17:00 , (hanggang 16:30 ang oras ng pagtanggap). Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng Traffic Accident Consultation Office.

☎ **Consultation counter kung saan maaring kumunsulta / contact information**

| Pangalan ng institusyon | Telepono | Address | Oras ng pagtanggap |
|---|---|---|---|
| Saitama Prefecture Traffic Accident Consultation Office | 048-830-2963 | Saitama Prefectural Office Building No. 2, 1st Flr.<br>Sa loob ng Center para sa pangkalahatang konsultasyon ng prepektura<br>3-15-1 Takasago, Urawa-ku, Saitama-shi, Saitama Prefecture | Lunes ~ Biyernes (maliban sa mga araw ng pista opisyal, mga araw ng pagtatapos ng taon at bagong taon<br>9:00～12:00<br>13:00～17:00<br>※ ang oras ng pagtanggap ay hanggang 16:30 |

URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/soudankyuhu/koutuujikosoudan.html

## 4 Mga hakbang sa pagpigil ng krimen

### (1) Pagnanakaw ng bisekleta

① Siguraduhing i-lock ang bisikleta kahit na ipaparada ito sa iyong bahay.
② Siguraduhing i-lock ito sa mga sandaling hindi gagamitin kahit panandalian lamang.
③ Magkabit ng wire lock, atbp. para gawin itong two-lock.
④Kung nagmamay-ari ka ng bisikleta, siguraduhing magparehistro para sa pag-iwas sa krimen.

### (2) Panloloob ng bahay ng walang tao

①Maging nasa loob ng bahay o pag lalabas ng bahay kahit sandali lang ay ugaliing ikandado o susian ang pintuan at mga bintana..

② Gumamit ng dalawang kandado o higit pa sa mga pinto at bintana sa pamamagitan ng paggamit ng mga pandagdag na kandado, at iba pa.

### (3) Para huwag maging biktima ng pang-aagaw ng bag o gamit

① Maglagay ng takip sa basket ng bisikleta upang maka-iwas sa pang-agaw ng bag.
② Kapag naglalakad, hawakan ang bag ng taliwas sa daan (huwag hawakan sa kamay na nasa bandang daanan ng mga sasakyan).
③ Ang paggamit ng mobile / smart phone o di kaya may earphone sa tainga habang nakikinig sa musika habang naglalakad, ay nakapag-aagaw ng atensyon at hindi gaanong tuunan ang pansin sa kapaligiran.
④ Mag-ingat sa motorsiklo, bisikleta at iba pa na papalapit mula sa iyong likuran..

### (4) Kaligtasan ng mga bata

Kailangang ituro ng magulang sa mga bata ng paulit-ulit ang mga sumusunod.

① Huwag maglagi na mag-isa o walang kasama.
② Huwag sumama sa hindi kilalang tao.
③ Sumigaw at humingi ng tulong kung kailangan.
④ Sabihin sa sinumang taumbahay sa bahay kung saan at kanino ka pupunta, at kailan ka babalik.

### (5) Kaligtasan ng mga kababaihan

① Sa paglalakad sa gabi dumaan sa maliwanag na kalsada na may maraming tao, paminsan minsan lumingon sa likod at paligid at mag-ingat.
② Magdala ng security buzzer at ilalagay sa labas ng bag upang magamit agad sa panahon ng panganib.
③ Siguraduhing naka lock ang pintuan at mga bintana kahit na nasa bahay ka.
④ Ang paggamit ng mobile phone o di kaya ng earphone habang nakikinig sa musika

habang naglalakad ay lubhang mapanganib dahil hindi gaanong nakatuun ang iyong pansin sa paligid (hal:kung may kahina-hinalang tao) kaya maari ay itigil lamang ito.

"Handbook sa Pagpapaunlad ng Bayan para sa Pag iwas sa Krimen"
URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/bouhanjyohou/index.html

### 5 Pagbigay suporta sa mga biktima ng krimen

**(1) Kung ikaw ay nahihirapan sanhi ng pinagdaanang krimen o aksidente**
Ang mga biktima ng krimen, kanilang mga pamilya, at mga naulilang pamilya ay dumaranas ng hindi lamang direktang pinsala tulad ng pagkawala ng buhay (pagkawala ng miyembro ng pamilya), pagkasugat, at pagnanakaw ng kanilang ari-arian, kundi pati na rin ang mental at pisikal na karamdaman, mga gastos sa medikal, kawalan ng trabaho at iba pa. Nagdurusa sila sa kahirapang pinansyal dahil sa pagbabago sa trabaho, hindi magandang pakikitungo ng mga nakapaligid sa kanila, mga pasanin sa pag-iisip at oras na nauugnay sa mga pagsisiyasat at pagsubok, at iba't iba pang problema pagkatapos ng pangyayari ng krimen.

**(2) Tanggapan ng Pangkalahatang Konsultasyon**
Ang one-stop support center ng Saino-kuni para sa mga biktima ng krimen ay nasa gusali ng pamahalaan sa Musashi-Urawa sa ikatlong palapag ng Lamza Tower. Ang Saitama prefecture office, Saitama prefecture police station at Crime Victim Support Center ng Saitama, Public Interest Incorporated Association ay nandito din. Ang mga libreng serbisyo sa konsultasyon ay ibinibigay para sa mga biktima ng krimen at kanilang mga pamilya, at maraming serbisyo ng suporta ang inaalok sa isang konsultasyon. Lahat ng konsultasyon ay pananatilihing lihim.

☎ **Konsultasyon**

<table>
<tr><th>Pangalan ng opisina</th><th>Numero ng Telepono</th><th>Lugar</th><th>Oras ng Konsultasyon</th></tr>
<tr><td>Sai no kuni Crime victim one-stop support center</td><td>0120-735-001 o kaya 048-862-0001</td><td rowspan="4">3F Lamza Tower Numakage, Minami-ku Saitama-shi (Musahi Urawa Joint Gov’t Building)</td><td>8:30-17:15, Lunes-Byernes (maliban kung holidays at public holidays)</td></tr>
<tr><td>Saitama Prefecture Crime Prevention and Traffic Safety Division</td><td>048-710-5036</td><td>8:30-17:15, Lunes-Byernes (maliban kung holidays at public holidays)</td></tr>
<tr><td>Saitama Prefecture Police Crime Victim Support Office</td><td>0120-381-858</td><td>8:30-17:00, Lunes-Byernes (maliban kung holidays at public holidays)</td></tr>
<tr><td>Public Interest Incorporated association Saitama Prefecture Crime Victim Support Center</td><td>048-865-7830</td><td>8:30-17:00, Lunes-Byernes (maliban kung holidays at public holidays)</td></tr>
</table>

URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/hanzaihigaisya/soudanmadoguchigaishoni.html

**(3) Para sa mga kasong kaakibat ng sekswal na krimen**

Konsultasyon sa telepono para sa mga biktima ng krimen gaya ng sekswal na karahasan at iba pa– Iris Hot line

Maaaring kumonsulta dito ang mga biktima at kapamilya ng sekswal na karahasan o krimen maging anuman ang kasarian ng biktima. Isang tagapayong kawani na legal na obligado na panatilihing kumpidensyal ang sasagot sa iyo, upang maaari kang kumonsulta nang may kumpiyansa. Maraming uri ng tulong gaya ng konsultasyon sa telepono, pagpa-appointment para sa online na konsultasyon, online na konsultasyon gamit ang Zoom app (kailangang magpa-appointment), konsultasyon sa pakikipanayam, pagpunta sa ospital, suporta ng pagsama sa pagkonsulta, mga pagpapayong legal, at iba pa.

☎ Konsultasyon

| Pangalan ng opisina | Numero ng Telepono | Lugar | Oras ng Konsultasyon |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon at maaring tawagan ng mga biktima ng sekswal ng krimen – iris hot line | #8891<br>0120-31-8341<br>o kaya<br>048-839-8341 | 3F Lamza Tower Numakage, Minami-ku Saitama-shi (Musahi Urawa Joint Gov't Building) | Maaring tumawag 24 oras, araw-araw. |

URL：https://www.svsc8080.jp/iris/

## 6 Natural na kalamidad

### (1) Lindol

Madalas magkaroon ng lindol sa Japan. Sa pagdating ng isang malaking lindol, maaring mabuwal ang mga kasangkapan na nagiging sanhi ng pagkapinsala, natitigil ang tubig, gas at iba pa, at mahihirapang bumili ng pagkain at iba pang bagay na kailangan sa araw-araw na pamumuhay. Sa ganitong mga pangyayari, kailangang isagawa sa loob ng pamilya ang mga nararapat na hakbang o paghahanda para sa panahon ng emerhensiya.

**Sampung gabay ukol sa pagkakaroon ng kaalaman sa "Disaster Prevention" sakaling magkaroon ng isang malaking lindol :**

1 Paghahanda- Isagawa ang mga hakbang upang maiwasan ang pagkabuwal o pagkahulog ng mga kasangkapan,paraan ng pagkontak sa pamilya at pook na kung saan magtitipon, paraan ng pagtakas o pagsilong sa ligtas na lugar, paghahanda ng mga gamit na kakailangangin sa panahon ng emerhensya.
2 Una, siguruhin ang sariling kaligtasan (ikubli ang sarili sa ilalim ng matibay na mesa at maglagay ng kutson sa ulo para protektahan ito.)
3 Patayin agad ang apoy at isara ang main gas valve (lumayo sa apoy kapag malakas ang pag-uga at patayin ito pagkatapos humupa ang pag-uga.)
4 Buksan ang bintana at siguruhing maaring lumabas sa labasan o exit.
5 Huwag magmadali sa paglabas.
6 Kapag may apoy, maging mahinahon at patayin muna ito (sumigaw sa kapitbahay at magtulungan sa pagpatay ng apoy.)
7 Lumayo sa mga bakod at vending machines
8 Mag-ingat sa mga bubog o basag na salamin sa loob ng bahay.
9 Makipagtulungan sa bawat isa sa pagsagawa ng first aid.
10 Alamin o kunin ang tamang impormasyon.

Mga gamit na kakailanganin sa panahon ng emerhensya : first aid kit o mga gamot para sa emerhensiya, iba pang gamot, inumin, pagkain (emergency food), charger ng smart phones/cell phones, portable radio set, reserbang batteries, headlights,(flashlight), aluminum sheet para sa

taglamig, helmet, army knife, tuwalya, guwantes, lubid, tissue paper, portable toilets, wet tissues, mask, plastic bags, plastic shopping bags, mga dyaryo, kapote, sports shoes (medyas)

※ Iba pang gamit na pang personal na kakailanganin at ng inyong kapamilya.

① “Lakas ng loob laban sa lindol” (sa homepage ng Fire Safety & Disaster Prevention Center )

Inilathala ang isang pamphlet na naglalaman ng summary o pagbubuod sa mga bagay na dapat gawin bilang paghahanda para sa lindol at mga aksiyon o kilos na dapat gawin sa oras ng paglindol (sa wikang Nihongo, English, Chinese, Korean, Vietnamese, Portuguese).

URL：：https://www.bousai-kensyu.com/knowhow/pamphlet01/

② Paghahanda kasama ang aking pamilya (homepage ng Saitama Prefectural Police)

Nakalagay ang impormasyon kaugnay sa paraan ng pagbawas ng pinsalang dala ng paglindol at may check sheet ukol sa kaligtasan ng pamilya (sa wikang Nihongo, English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Arabia, Urdu, Thai, Turkey, Malay).

URL：http://www.police.pref.saitama.lg.jp/g0050/kurashi/earthquake-foreigner.html

**(2) Bagyo**

Malaki ang pinsalang dulot ng malakas na hangin at ulan na dala ng bagyong nagsisimula sa Summer hanggang Autumn season. Bago dumating ito ay siguruhing tanggalin o patibayin ang mga bagay sa paligid ng bahay na maaring tangayin o patalsikin ng malakas na hangin. At dahil maaring mawalan ng kuryente, kailangang ihanda ang flashlight, kandila, portable radio, reserbang baterya, charger ng smart phones/cell phones, at iba pa.

Sa pangkaraniwang araw tingnan ang isinagawang hazard map ng inyong syudad, bayan o pook at suriin ang maaring maging mapanganib sa panahon ng sakuna mula sa bahay hanggang lokasyon ng shelter o mapagkakanlungan. Kapag tumaas ang peligro ng isang sakuna dahil sa papalapit na bagyo, ang impormasyon tungkol sa paglikas ay ilalabas ng munisipyo kung saan ka nakatira gamit ang antas ng alerto. Para sa mga nangangailangan ng oras upang lumikas, tulad ng mga matatandang ay sa alert level 3, ang lahat ay dapat na gumawa ng aksyon sa paglikas sa alert level 4.

**(3) Evacuation area o pook-silungan sa panahon ng kalamidad**

Bilang paghahanda sa oras ng kalamidad, itinakda sa bawat munisipalidad ang malalaking gusali tulad ng mga paaralan, upang gamiting pook-silungan para sa mga nawalan ng tirahan. Sumangguni sa tanggapan ng Disaster Management Section ng munisipyong kinabibilangan, upang alamin kung saan naroroon ang pinakamalapit na pook-silungan. Depende sa munisipyo, may mapang ipinamamahagi sa mga residente na naglalaman ng listahan ng mga evacuation area.

**(4) Pag-uulat sa wikang banyaga sa panahon ng kalamidad**

Sa panahon ng kapahamakan, isinasagawa ang pag-uulat ng “disaster-relief” information sa wikang Ingles at iba pa.

Radyo: Inter-FM (89.7 MHz), NHK-2 Broadcasting (693kHz)

TV: NHK General TV-1, BS-1, BS-2 (Bilingual Broadcast)

**(5) NTT Disaster Emergency Message Dial “171”**

Sa panahon ng kapahamakan, nagkakaroon “oveload” o sobrang tawag sa pook na naapektuhan ng kalamidad, kung saan mahihirapang makatawag. Sa panahong ito, maaring

gamitin ang Disaster Emergency Message Dial, upang maisagawa ang matiwasay na pagkontak at pagkumpirma sa kaligtasan ng pamilya. Hindi na kailangang gamitin ang dialing code, sa pag-dial ng 171 ay madaling naisasagawa ang recording at playback ng mensaheng nais iparating. Para sa mga detalye ukol sa paraan ng paggamit, tingnan ang website ng NTT East.

URL：https://www.ntt-east.co.jp/saigai/voice171/index.html (Nihongo)
https://www.ntt-east.co.jp/en/saigai/voice171/ （English）

May Message Board Service din sa bawat kompanya ng mobile phone at website sa wikang Ingles.

【docomo】
http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi （Nihongo）
http://dengon.docomo.ne.jp/Etop.cgi （English）

【au】
http://dengon.ezweb.ne.jp/ （Nihongo）
http://dengon.ezweb.ne.jp/E/service.do （English）

【SoftBank / YMOBILE】
http://dengon.softbank.ne.jp/pc-1 （Nihongo）
http://dengon.softbank.ne.jp/pc-e1.jsp （English）

**(6) Pagkolekta ng impormasyon**

① Paghahanda para sa kaligtasan at seguridad sa Prepektura ng Saitama (website ng Saitama Prefecture)

Kung may naganap na sakuna sa Saitama Prefecture, makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa paglikas, mga resulta ng pinsala, at mga hakbang sa pagtulong sa website na ito.

Hindi lamang sa pamamagitan ng PC, maari din na tingnan ito mula sa mobile phone.

Gamitin ang site na ito para sa impormasyon tungkol sa paghahanda sa sakuna:

URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/theme/anzen/index.html

② Disaster Support Information para sa mga dayuhang residente (website ng CLAIR - Council of Local Authorities for International Relations)

Itinatag ang isang website na nagbibigay ng impormasyon sa mga dayuhang residente ukol sa suportang ipinagkakaloob sa panahon ng kapahamakan, pagkulekta at pamamahagi ng impormasyon kaugnay sa disaster support. Kalakip nito ang mga halimbawa o kaso ng relief / disaster prevention activities na nakatuon sa mga dayuhang residente ng bawat rehiyon pati “link” sa websites na nagpapahayag sa isinasagawang support activities ng mga dayuhang residente.

URL： http://www.clair.or.jp/j/multiculture/tagengo/saigai.html

③ Mga hakbang na isinasagawa sa pangangasiwa ng radioactive substances (website ng Saitama Prefecture Environmental Policy Division)

Sa loob ng Saitama Prefecture, regular na sinusukat at sinusuri ang epekto ng radiation dose at mga radioactive substance sa hangin, tubig at pagkain, at ang resulta ng pagsusuri ay inilalathala sa website ng Saitama Prefecture (may link din sa Health Consulation Service).

URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/a0501/housyasen-sokuteikekka.html

**(7) Paghahanda para sa kalamidad**

1.Sa mga syudad at bayan ng Saitama Prefecture ay may mga iba' ibang pagsasanay sa pagsugpo ng kalamidad para sa paghahanda kung sakaling magkaroon ng malakihang paglilindol. Sa mga pagsasanay na ito ay inaasahan ding sumali ang mga dayuhang residente. Tingnan lamang sa sumusunod na mga website.

URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/gaikokujinbosaikunren.html

2.Isang "Evacuation Center Conversation Set (point-and-talk sheet at isang talatanungan) ang idinisenyo upang matulungan ang mga manggagawa sa mga evacuation center at dayuhang evacuees na makipag-usap ay maaaring ma-access sa website ng Saitama Prefectural Government

URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/hinanjokaiwa.html

3.Maaari mong i-access ang isang pampleta na may impormasyon tungkol sa madaling sundin na mga hakbang sa paghahanda sa sakuna para sa iyong tahanan sa website ng Prefectural Government. (Mababasa sa English, Chinese, Korean, at Vietnamese)

URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/a0401/library-info/20190801itsumo.html

**(8) Pag-iwas sa heat stroke**

Pag matagal na nakatigil sa mainit na kapaligiran ay maari kayong magka- heat stroke. Ang mga sintomas ng heat stroke ay pagkahilo, sakit ng ulo, pagduduwal, at kung sakaling magka-kombulsyon ay mas malaki ang posibilidad ng heat stroke. Pumunta sa malilim na lugar at kaagad komunsulta sa duktor. Kung nasa loob ng bahay o gusali, gumamit ng air-con at palagiang uminom ng tubig.
Mag-ingat tayo sa heat stroke.
Limang mga paalala para maiwasan ang heat stroke

URL：https://www.pref.saitama.lg.jp/a0704/netsuchusyo/5point-e.html
(Simpleng Nihongo, English, Chinese, Portuguese, Spanish, South Korean, North Korean)